

## Mga Natatanging Panukala at mga Hakbang para sa pag renew ng Lisensya ng pagmamaneho kabilang ang expired na lisensya na hindi na I renew dahil sa COVID 19

### Natatanging Panukala para sa pagdagdag ng palugit ng Renewal ng Lisensya ng Pagmamaneho

Dalhin ang inyong lisensya sa Driver's License Center na saklaw ng inyong tirahan, Sentro/Atsubetsu Excellent Driver renewal Center o sa istasyon ng Pulis sa loob ng panahon ng Renewal nito. At mag aplay ng 3 buwang palugit na panahon ng pag re renew (Ang Application forms ay maaring makuha sa pook ng renewal).

\*Huwag pong kalimutan na **kailangan paring sundin ang ordinaryong mga hakbang para sa renewal ng lisensya** sa loob ng bagong panahon ng palugit na natanggap. Ang mga hakbang na ito ay nararapat isagawa sa mga pook na nasa listahan sa sulat o notice na ipapadala sa inyong tirahan.

**【Sino ang maaaring mag aplay】** May lisensya na ang panahon ng renewal (o nabigyan na ng karagdagang palugit sa pag renew) ay matatapos nang ika-30 ng Setyembre, 2020 (Hindi kabilang ang mga may hawak ng expired na lisensya).

#### **【Oras ng Aplikasyon】**

Istasyon ng Pulis Lunes-Biyernes 8:45 umaga – 5:00 hapon  
Driver's License Centers Lunes-Biyernes, Linggo 8:45 umaga – 5:00 hapon  
(Hakodate, Asahikawa, Kushiro, Obihiro and Kitami Driver's License Center ay bukas tuwing una at ikatlong araw ng Linggo ng buwan. )

### Kung ang Lisensya ay nag expired dahil sa COVID 19

Kung hindi nyo na ipa renew ang inyong lisensya dahil sa COVID 19, maaari kayong magpasa ng espesyal na aplikasyon at gawin ang wastong pag aaral para sa renewal ng inyong lisensya.

At kung maipapasa nyo ang eksamen, hindi nyo na kailangan kumuha muli ng written at praktikal na eksamen

Para sa karagdagang kaalaman, tumawag sa pinakamalapit na Driver's License Center o Istasyon ng Pulis.

“Kung mayroon kayong paglabag sa trapiko, at iba pa hindi kayo karapat dapat sa natatanging mga Panukala.

**Para sa karagdagang kaalaman, tumawag sa pinakamalapit na Driver's License Center o Istasyon ng Pulis**